

Impormasyon sa Pagsali sa Asosasyon ng mga Residente

タガログ語

Mga Sakuna, Krimen, Kapakanang Panlipunan

Okay ka lang bang mag-isa?

Ang asosasyon ng mga residente ay nagtatrabaho upang suportahan ang isa't isa, at lumikha ng isang ligtas at payapang lungsod kung saan ang mga tao ay maaaring mamuhay nang komportable.

Mga Aktibidad ng Asosasyon ng mga Residente

Ang asosasyon ng mga residente ay nakikibahagi sa mga sumusunod na aktibidad upang lumikha ng isang ligtas at payapang lungsod kung saan ang mga tao ay maaaring mamuhay nang komportable.

1

Asosasyon ng mga Residente at mga Probisyon ng Impormasyon ng Munisipal na Administrasyon

Kami ay namamahagi at nagpapakalat ng impormasyon mula sa lungsod, kabilang ang "Public Relations ng Iwata". Nagpapadala kami ng mga miyembro na may kaalaman sa impormasyon na kailangan para sa pamumuhay sa asosasyon ng mga residente.

Buod ng mga Kahilingan sa Rehiyon

2

Pinaparating namin ang mga opinyon at kahilingan para sa pagsasaayos ng kalsada at drainage canal, at pangangasiwa ng lungsod. Nagsasagawa din kami ng mga pagkakataon upang direktang makipag-usap sa alkalde tungkol sa mga lokal na isyu at pangangasiwa ng lungsod.

3

Pagsisikap para sa Pag-iwas sa Krimen at Kaligtasan sa Trapiko

Kami ay nagpapatrol para maiwasan ang mga krimen, naglalagay at namamahala din ng mga crime prevention lights (mga ilaw sa kalye) upang hindi makaranas ang mga residente ng pinsala na dala ng krimen. Pinapaliwanag din ang kaligtasan ng trapiko at gumagawa ng mga hakbang laban sa mga mapanganib na lugar.

Mga Boluntaryong Aktibidad sa Pag-iwas sa Kalamidad

4

Nagsasagawa kami ng mga evacuation drill at disaster prevention drill sakaling magkaroon ng kalamidad tulad ng lindol.

5

Pagsasaayos ng Kapaligiran, at Pamamahala ng mga Lugar ng Koleksyon ng Basura

Naglilinis kami ng mga drainage channel at nagtatapas ng mga damo sa kalsada at parke para sa maaliwalas at komportableng kapaligiran. Nag-seset up at namamahala din kami ng mga lugar ng pangongolekta ng basura upang maisagawa ang maayos na operasyon sa pangongolekta ng basura.

Mga Aktibidad sa Lokal na Komunidad

6

Nagdaraos kami ng mga festival, athletic meet, iba't ibang aktibidad sa palakasan, at mga libangan upang isulong ang pakikipag-ugnayan at pakikiisa sa mga lokal na tao.

7

Mga Aktibidad sa Kapakanang Panlipunan na Nakabatay sa Komunidad

Mula sa mga bata, hanggang sa mga matatanda, nagsusumikap kaming palalimin ang mga lokal na ugnayan upang ang bawat isa sa komunidad ay suportahan ang isa't isa at mamuhay ng maayos.

Mga Aktibidad ng Iba't Ibang Kultura



Upang ang mga dayuhang residente ay mamuhay bilang mga kaibigan ng mga lokal na residente, gumagawa kami ng hakbang para makipag-usap.

Ang asosasyon ng mga residente ay isang organisasyon ng mga residente kung saan ang mga taong naninirahan sa lugar ay nagtutulungan sa isa't isa upang lumikha ng isang payapa at ligtas na matitirahan na lungsod.

Mangyaring samahan kami upang makipag-ugnayan sa komunidad at tumulong sa isa't isa kung sakaling may emergency.

Paano Sumali sa Asosasyon ng Residente?

- 1 Kilalanin ang mga opisyal ng iyong asosasyon (chairman, leader ng asosasyon, group leader). Kung hindi mo kilala ang opisyal, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong mga kapitbahay o sa secretariat na nakasulat sa ibaba.
- 2 Ipagbigay-alam ang abiso sa pagiging miyembro.
- 3 Bayaran ang association membership fee. (Ang halaga ay nag-iiba depende sa asosasyon ng mga residente.) Ang pondo ng mga aktibidad ng asosasyon ng mga residente ay nanggagaling sa mga membership fees ng lahat ng mga miyembro.
- 4 Mangyaring lumahok sa mga aktibidad ng asosasyon ng mga residente upang lumikha ng komportableng lungsod na tirahan.

Tungkol sa Iwata City Neighborhood Association Federation

Binubuo ito ng 5 na sangay sa 29 na distrito ng 300 na asosasyon ng mga residente sa lungsod. Bilang tagapag-ugnay sa pagitan ng asosasyon ng mga residente at ng administrasyon, ang federasyon ay nagsasagawa ng mga aktibidad upang maiparating ang mga opinyon ng bawat asosasyon ng mga residente sa administrasyon at upang maihatid ang mga ideya at impormasyon ng administrasyon sa bawat asosasyon ng mga residente.

Bilang karagdagan, sinusupportahan namin ang mahusay na pamamahala ng mga asosasyon ng mga residente, tulad ng pagsasagawa ng mga malalawak na aktibidad na mahirap para sa isang maliit na asosasyon ng mga residente.

Organisasyon ng Pederasyon ng Asosasyon ng mga Residente

5 na Sangay	29 na Distrito	300 na Asosasyon ng mga Residente
Iwata Branch	Mitsuke Nakaizumi Tenryu Nagano Oho Ofuji Mukaigasa Iwata Nishigai Mikuriya Minami Mikuriya Tahara Imanoura	141 na Asosasyon ng mga Residente
Fukuda Branch	Fukuda Naka Fukuda South West North Toyohama	45 na Asosasyon ng mga Residente
Ryuyo Branch	West East North	39 na Asosasyon ng mga Residente
Toyota Branch	Tomioka Toyota Higashi Ikeda Idori Aoki	46 na Asosasyon ng mga Residente
Toyooka Branch	North Southeast	29 na Asosasyon ng mga Residente

Iwata City Neighborhood Association Federation Secretariat

Lahat ng Iwata Branch	City Hall Community Dev. Support Div.	TEL 0538-37-4811
Fukuda Branch	Fukuda Branch Citizen's Life Division	TEL 0538-58-2370
Ryuyo Branch	Ryuyo Branch Citizen's Life Division	TEL 0538-66-9100
Toyota Branch	Toyota Branch Citizen's Life Division	TEL 0538-36-3150
Toyooka Branch	Toyooka Branch Citizen's Life Division	TEL 0538-37-0020
Home Page	http://www.iwatashi-jichikai.jp/	